

Magpokus sa: Ano ang isang EIS

Ang pahayag sa pangkapaligirang epekto (environmental impact statement, EIS) ay isang komprehensibong siyentipikong pagsusuri na tumutulong sa mga ahensiya, aplikante, at publiko ng Washington na lubos na maunawaan ang malamang, malubha, at masamang epekto sa kapaligiran ng isang proyekto. Sinusuri din nito kung ang mga epektong iyon ay maaaring bawasan o alisin sa pamamagitan ng paggalugad ng mga makatuwirang alternatibo at mga hakbang sa pagbabawas na makakabawas sa mga epekto sa kapaligiran.

Ang isang nangungunang ahensiya ay naghahanda ng isang EIS kapag natukoy nila na ang isang panukala ay malamang na magresulta sa lubhang masamang epekto sa kapaligiran. Tinutukoy at sinusuri ng tool na ito ang:

- Malamang na masamang epekto sa kapaligiran.
- Mga makatuwirang alternatibo.
- Posibleng pagbabawas.

Mayroong dalawang uri ng mga pahayag sa pangkapaligirang epekto:

Isang **proyekto** ng EIS para sa mga panukala na may mga pisikal na pagbabago sa isa o higit pang mga elemento sa kapaligiran, gaya ng:

- Bagong konstruksyon.
- Mga pagbabago sa pagpapatakbo ng pasilidad.
- Mga proyekto sa paglilinis ng kapaligiran.
- Mga demolisyon.
- Mga pagbili, pagbebenta, pagpapaupa, paglipat, o pagpapalitan ng mga likas na yaman.

Isang **di-proyekto** ng EIS para sa pagpapalano ng mga desisyon. Ang ganitong uri ng EIS ay nagbibigay ng batayan para sa susunod na pagsusuri ng proyekto. Kabilang dito ang pagpapatibay ng mga plano, patakaran, programa, o regulasyon na kinabibilangan ng mga pamantayan para kontrolin ang paggamit ng kapaligiran o ayusin ang isang serye ng mga konektadong aksyon, gaya ng:

- Mga komprehensibong plano.
- Mga plano sa pamamahala ng watershed.
- Mga Shoreline master program.
- Mga regulasyon sa pag-unlad.

Nagbibigay ang EIS sa mga ahensiya ng mahalagang impormasyon na dapat isaalang-alang kapag gumagawa ng mga desisyon sa proyekto, na makakatulong sa kanila na magpasiya kung paano protektahan ang mga tao at ang kapaligiran mula sa mga epekto ng proyekto. Ihindi ito isang pag-apruba ng proyekto o isang permit.

Pagiging accessible ng ADA

Para humiling ng pahintulot ng Americans with Disabilities Act (ADA), makipag-ugnayan sa Ecology sa pamamagitan ng pagtawag sa 360-407-6700 o mag-email sa hwtrpubs@ecy.wa.gov, or visit <https://ecology.wa.gov/accessibility>. Para sa Relay Service o TTY tumawag sa 711 o sa 877-833-6341.

Ano ang halaga ng isang EIS?

Ang proseso ng EIS:

- **Pinapayagan ang iba na lumahok.** Kasama sa proseso ng EIS ang mga pagkakataon para sa publiko, Tribo, at lokal, estado, at pederal na ahensiya na magbigay ng input.

Nakakatulong ang input na ito na matukoy ang:

- Lubhang masamang epekto sa kapaligiran ng isang panukala.
- Mga makatuwirang alternatibo.
- Mga posibleng paraan ng pagbabawas.
- Mga pamamaraan para pag-aralan ang mga epekto.

Tumutulong ang pakikilahok ng publiko sa iba't ibang yugto ng proseso sa mga interesadong partido na maunawaan ang panukala at magbigay ng input upang isaalang-alang ng nangungunang ahensiya.

- **Nagpapabuti ng mga panukala mula sa pananaw sa kapaligiran.** Ang proseso ng EIS ay tumutulong sa pagtukoy:
 - Masamang epekto sa kapaligiran, makatuwirang alternatibo, at potensyal na mga hakbang sa pagbabawas na nakakatugon sa mga layunin ng panukala.
 - Mga lugar ng kontrobersiya at iba pang mahahalagang isyu nang maaga, kapag mayroon tayong pinakamaraming pagkakataon na isaalang-alang ang isang malawak na hanay ng mga solusyon.
- **Nagbibigay ng impormasyon sa kapaligiran sa mga gumagawa ng desisyon.** Ang EIS ay isang batay sa agham, masusing pagtalakay ng:
 - Iminungkahing Proyekto.
 - Mga kasalukuyang kondisyon ng lugar.
 - Malamang na lubhang masamang epekto sa kapaligiran.
 - Mga makatuwirang alternatibo at mga hakbang sa pagbabawas upang maiwasan, mabawasan, o kontrahin ang masasamang epekto.
- **Nagbibigay ng kinakailangang impormasyon para sa pagkondisyon o pagtanggì sa isang panukala.** Batay sa impormasyon sa EIS at pinagtibay na mga patakaran ng [Batas sa Patakaran sa Pangkapaligiran ng Estado \(State Environmental Policy Act, SEPA\)](#),¹ pinapayagan ng sustantibong awtoridad ng SEPA ang isang ahensiya na:
 - Tanggihan ang isang panukala kapag ang mga epekto ay hindi maaaring makatuwirang bawasan.
 - Maglagay ng mga kondisyon sa proyekto upang maprotektahan ang kapaligiran.
 - Aprubahan ang panukala nang walang karagdagang pagbabawas.

Ano ang proseso?

Kasama sa proseso ng EIS ang:


- **Pagsaklaw.** Nagpapasimula ang namumunong ahensiya ng pakikilahok sa pamamagitan ng pagtatanong sa publiko, Tribo, at iba pang lokal, estado, at pederal na ahensiya na magkomento sa mga alternatibo, epekto, at potensyal na hakbang sa pagbabawas upang suriin ang isang panukala.
- **Inihahanda ang draft ng EIS.** Sinusuri ng nangungunang ahensiya ang mga posibleng epekto ng isang panukala, mga makatuwirang alternatibo, at mga potensyal na hakbang sa pagbabawas. Maaaring kabilang dito ang mga pag-aaral, pagmomodelo, at iba pang impormasyon.

¹ <https://ecology.wa.gov/Regulations-Permits/SEPA/Environmental-review/SEPA-guidance/Basic-overview>

- **Paglalabas ng draft ng EIS para sa pagrerepaso.** Maaaring magsumite ang publiko ng kanilang feedback, mga tribal na pamahalaan, at iba pang lokal, estado, at pederal na ahensiya.
- **Inihahanda ang panghuling EIS.** Nagsusuri at tumutugon ang nangungunang ahensiya sa mahalalagang komento na natanggap sa draft ng EIS. Maaari silang magsama ng mga karagdagang pag-aaral at pagmomodelo upang suriin ang mga posibleng epekto.
- **Naglalabas ng panghuling EIS.** Ginagamit ng ahensiya ang impormasyon sa paggawa ng desisyon.

Inaatasan ng SEPA ang mga ahensiya na isali ang publiko sa panahon ng pagsasaklaw at paglalabas ng draft ng EIS para sa mga panahon ng pagsusuri.

Figure 1: Isang diagram ng proseso ng EIS.



Saan ako matututo ng higit pa?

Tingnan ang aming [SEPA Handbook, Kabanata 3²](#) para matuto ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa paghahanda ng EIS. Tingnan ang state [Chapter 197-11 Washington Administrative Code \(WAC\)](#),³ Mga Seksyong 400 to 460 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng EIS.

² <https://ecology.wa.gov/DOE/files/4c/4c9fec2b-5e6f-44b5-bf13-b253e72a4ea1.pdf>

³ <http://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=197-11-400>

⁴ <https://ecology.wa.gov/Events/Search/Listing>

⁵ <https://ecology.wa.gov/About-us/Who-we-are/News/Email-lists>

Paano ako makakasali sa gawain ng Ecology?

Bisitahin ang aming [pampublikong webpage ng input at mga kaganapan](#)⁴ para malaman ang tungkol sa mga proyektong bukas para sa pampublikong komento. Sumali sa aming [mga mailing list](#)⁵ para maabisuhan tungkol sa pag-unlad sa aming iba't ibang mga paksa.